Fact Sheet ng Employer

Madaling gamitin. Walang bayad. Walang fiduciary liability. Isang mahusay na paraan para matulungan ang iyong team na

Mag-ipon Ngayon. Umunlad Bukas.

Suportahan ang Kinabukasan ng Iyong Team: 15 beses na mas malaki ang posibilidad ng mga manggagawa na mag-ipon kung mayroon silang access sa isang programa sa pag-iipon sa pamamagitan ng pagkakaltas sa payroll.

Pasimplehin ang Tagumpay para sa Iyong Mga Empleyado: Pinapadali ng Washington para sa iyong team na magkaroon ng pinansyal na seguridad at pangmatagalang wellness.

Walang Gagastusin ang Iyong Negosyo: Walang babayaran sa programa ang mga employer, walang kontribusyon mula sa employer, at walang fiduciary liability.

Mas Matatag na Komunidad: Kapag may ipon para sa pagreretiro ang mga manggagawa, makakapag-ambag sila sa ekonomiya ng Washington sa mga taon ng kanilang pagreretiro.

Aling Mga Employer ang Inaatasang Lumahok?

Sa ilalim ng batas ng estado, kinakailangan ng mga employer na sumali kung sila ay:

- 2 taon na o higit pa na nag-o-operate sa Washington,
- May pisikal na presensya sa Estado ng Washington,
- May mga manggagawa para sa 10,400+ oras taun-taon (katumbas ng humigit-kumulang 5 full-time na empleyado), at
- Walang iniaalok na kwalipikadong plano sa pagreretiro sa kasalukuyan.

Maghanda para sa Paglulunsad sa 2027 Inaasahang magbubukas ang Washington Saves sa Hulyo 2027. Simulan ang paghahanda mo ngayon.

Patuloy na Kumonekta: Bumisita sa **www.wasaves.com** para sa mga update, resource, at gabay sa pagpapatupad.

Sumali sa Aming Pilot Program: Interesado sa maagang paglahok? Makipag-ugnayan sa amin sa **info@wasaves.wa.gov** para matuto pa tungkol sa mga oportunidad sa pilot program at tumulong na hubugin ito.

Ang Iyong Landas Tungo sa Pagpapatupad:

1. **Magparehistro:** I-enroll ang iyong negosyo sa pagbubukas ng programang Washington Saves sa 2027.
2. **Bigyan ng Impormasyon ang Iyong Team:** Ibahagi ang impormasyon ng programa sa iyong mga empleyado para makagawa sila ng mga may kabatirang pasya.
3. **Padaliin ang Pag-access:** Ibigay ang iyong roster ng empleyado para sa awtomatikong pag-set up ng pag-enroll.
4. **Iproseso ang Mga Kontribusyon:** Mag-set up ng mga simpleng pagkakaltas sa payroll—kami na ang bahala sa ibang bahagi.

Paano Makikinabang ang Iyong Mga Empleyado:

- **Awtomatikong Pag-enroll sa Mga Boluntaryong Sasali:** Pagkatapos mong magparehistro, awtomatikong ie-enroll ang mga empleyadong edad 18+—pero sila ang magpapasya kung gusto nilang sumali. Puwede silang umalis o bumalik anumang oras.
- **Mga Flexible na Kontribusyon:** Pipili ang mga empleyado ng sarili nilang rate ng pag-iipon o gagamitin nila ang default ng programa. Puwede nila itong i-adjust kasabay ng pagbabago ng kanilang sitwasyon.
- **Mga Portable na IRA (Individual Retirement Account, Indibidwal na Account sa Pagreretiro):** Mananatili sa kanila, sa kabuuan ng kanilang pagtatrabaho, ang kani-kanilang IRA. Puwedeng lumipat ng trabaho—pero hindi kailangang magpalit ng IRA.

Washington Saves

PROGRAMA SA PAG-IIPON PARA SA PAGRERETIRO

FAQ (Frequently Asked Questions, Mga Madalas Itanong)

Bilang employer, kailangan ko bang sumali sa Washington Saves?

Inaatasan ng batas ng estado ang mga employer na magparehistro at padaliin ang pag-access ng empleyado sa Washington Saves kung natutugunan ang mga sumusunod na pamantayan:

- 2 taon na o higit pa na nag-operate sa Washington,
- May pisikal na presensya sa Estado ng Washington
- Nagkaroon ng mga manggagawa na nagtrabaho nang hindi bababa sa 10,400 oras sa nakaraang taon ng kalendaryo (katumbas ng humigit-kumulang 5 full-time na empleyado)
- Walang iniaalok na kwalipikadong plano sa pagreretiro

Sa anong mga kwalipikadong plano ako magiging exempt?

Kung iniaalok mo ang alinman sa mga kwalipikadong plano na ito sa pagreretiro, hindi mo kailangang gawin ang Washington Saves:

- 401(a) – Kwalipikadong Plano (may mga plano sa pagbabahagi ng kita at inilalarawang plano ng benepisyo)
- 401(k) – Mga kwalipikadong plano (kasama ang maraming plano ng employer o pinagsama-samang plano ng employer)
- 403(a) or 403(b) – Kwalipikadong Plano sa Annuity o Tax-Sheltered na Plano sa Annuity
- 408(k) – Mga plano sa Pinasimpleng Pensyon ng Empleyado (Simplified Employee Pension, SEP)
- 408(p) – Plano sa IRA na Plano sa Pagtumbas sa Incentive sa Pag-iipon para sa Mga Empleyado ng Maliliit na Employer (Savings Incentive Match Plan for Employees of Small Employers, SIMPLE)

Magkano ang gagastusin ko?

Walang sisingilin ang Washington Saves sa iyong negosyo. Hindi pinapayagan ang mga kontribusyon ng employer.

Paano kung sabihin ng aking empleyado na ayaw niyang sumali?

Ganap na bolutaryo ang pagsali ng empleyado—puwede silang umalis anumang oras. Bilang sinasaklaw na employer, kailangan mo pa ring gawing available ang programa kung wala kang iniaalok na kwalipikadong plano. Idedetalye ang iyong mga partikular na responsibilidad sa mga panuntunan ng programa bago magbukas ang programa.

Puwede ba akong mag-ambag sa ngalan ng aking mga empleyado?

Hindi. Hindi pinapayagan ang mga employer na mag-ambag sa account ng empleyado o tumbasan ang mga kontribusyon ng empleyado. Kung gusto mong mag-ambag sa plano sa pagreretiro ng iyong mga empleyado, puwede mong pag-isipang mag-alok ng plano sa pagreretiro na sino-sponsor ng employer.

Washington Saves

PROGRAMA SA PAG-IIPON PARA SA PAGRERETIRO

Binago noong 01/2026